Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA PAARALANG ELEMENTARYA NG PAGSAWITAN NOONG IKA- 5 NG ABRIL, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Forca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ........... PANG. PUNONG BAYAN
on leave

## KAPASIYAHAN BLG. 128-T'2000

KAPASIYAHANG KINIKILALA ANG KABALIKAT TRICYCLE OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION BILANG ISANG SAMAHAN, AYON SA PAGSUNOD SA KAUTUSANG BAYAN BLG. 5-T'92.

**SAPAGKA'T,** ayon sa Kautusang Bayan Blg. 5-T'92, lahat ng mga samahang sibiko o samahang di-konektado sa pamahalaan (NGO's) ay kinakailangang i-accredit o kilalanin ng pamahalaang bayan;

**SAPAGKA'T,** may kahilingan ang Kabalikat Tricycle Operators and Drivers Association na kilalanin ito bilang isang samahan ayon sa pagsunod sa nasabing kautusan;

**SAPAGKA'T,** matapos na masuri at makita ang pagtugon ng nasabing samahan sa mga kailangan o "requirements" para sa pagkilala ng isang samahan ay iminungkahi ng Tagapamuno ng Lupon sa Batas na irekomenda ang pagkilala sa nasabing samahan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison at Edgardo T. Forca at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na kilalanin ang Kabalikat Tricycle Operators and Drivers Association bilang isang samahan ayon sa pagsunod sa Kautusang Bayan Blg. 5-T'92.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman at Kabalikat Tricycle Operators and Drivers Association lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:** EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

**PINAGTIBAY:** DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan